**Jodie Harrison**
Minister for Women
Minister for Seniors
Minister for the Prevention of Domestic Violence and Sexual Assault

# Media Release

## $4.25 na milyong pagpopondo sa mga programang pinamumunuan ng komunidad upang pigilan ang karahasan sa tahanan

**Miyerkoles ika-11 ng Disyembre 2024**

Ang Pamahalaan ng NSW ay patuloy na magpopondo sa mga makabuluhang hakbang upang pigilan ang karahasan sa tahanan at sa pamilya, ngayon nga ay binuksan na ang pagtanggap ng mga pahayag ng interes (Expression of Interest – EOI) para sa mga inisyatibang pamumunuan ng komunidad para sa pangunahing pagpigil (prevention).

Hanggang $4.25 milyon na pagpopondo ang inaalok sa mga lokal na organisasyon sa buong estado, kabilang ang mga rehiyonal at rural, para sa mga panukalang tututok sa mga sanhi ng karahasan sa tahanan, sa pamilya at sekswal na karahasan sa ating komunidad.

Ang mga panukala na umaayon sa Pathways to Prevention strategy ay bibigyan ng prayoridad, kabilang ang mga programang naglalayong pigilan ang karahasan batay sa kasarian na:

- Nakatuon sa mga lugar na may mataas na epekto (high-impact) tulad ng mga paaralan, mga lugar ng trabaho, at mga sport club
- Nagsasali sa mga kalalakihan at batang lalaki sa mga inisyatiba ng pagpigil
- Umaayon sa 'Change the Story' framework, kabilang dito ang mga kaugnay na framework na 'Changing the Picture', 'Changing the Landscape' at 'Pride in Prevention'
- Sumusuporta sa mga komunidad ng LGBTQIA+ sa pamamagitan ng inklusibong mga programa
- Sumusuporta sa mga komunidad ng migrante at mga refugee
- Pinag-aaralan ang mga makabagong pamamaraan, kabilang ang paggamit ng mga digital space tulad ng social media

Ang mga matagumpay na proyekto ay paiiralin ng tatlong taon.

Matapos ang EOI, ang mga karapat-dapat na organisasyon ay iimbitahang magsumite ng detalyadong mga panukala para maisaalang-alang kung popondohan ang mga ito.

Ang buong proseso ng aplikasyon para sa Primary Prevention Multi-Year Partnership Grants Program ay isasagawa sa unang bahagi ng 2025.

Ang Pamahalaan ng NSW ay nagtakda ng $38 milyon sa loob ng apat na taon upang ipatupad ang kauna-unahang dedikadong pangunahing estratehiya ng estado para sa pagpigil, upang makipagtulungan sa mga lokal na organisasyon sa pagtutok sa mga sanhi ng karahasan sa tahanan, sa pamilya, at sekswal na karahasan.

Para sa karagdagang impormasyon at upang mag-aplay, pumunta sa: https://dcj.nsw.gov.au/service-providers/grants/grants-open/nsw-primary-prevention-multi-year-partnerships-grant-program.html.

Sinabi ni **Minister for the Prevention of Domestic Violence and Sexual Assault na si Jodie Harrison:**

"Ang karahasan sa mga kababaihan at sa mga batang babae ay magagawang pigilan at kailangang maiwasan.

"Ang kauna-unahang dedikadong pangunahing estratehiya ng ating pamahalaan sa pagpigil ay nagbibigay ng roadmap ng mga hakbang na kailangan nating gawin upang harapin ang mga sanhi ng karahasan sa mga kababaihan at ihinto ang karahasan bago pa man ito magsimula.

"Nais naming makipagtulungan sa mga lokal na organisasyon at komunidad sa mga programang magpapahina sa mga sanhi ng karahasan batay sa kasarian, magpapalaganap ng malusog at marespetong relasyon, at magpapabago ng mga pananaw tungkol sa mga kababaihan. Ito ang magiging susi upang wakasan ang karahasan sa mga kababaihan at batang babae."

Suporta:

Kung ikaw o ang isang kilala mo ay nasa agarang panganib, tawagan ang Pulis sa Triple Zero / 000.

Kung ikaw o ang isang kilala mo ay dumaranas ng karahasan sa tahanan at sa pamilya, tawagan ang NSW Domestic Violence Line sa 1800 65 64 63 para sa libreng pagpapayo at referral, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Para sa kompidensiyal na payo, suporta, at referral, makipag-ugnayan sa 1800 RESPECT o 13 YARN sa 13 92 76.

MEDIA: Michelle Lam | Minister Harrison | 0475 466 635